DepEd Advisory No. 363, s. 2016
December 29, 2016
In compliance with DepEd Order No. 8, 2013
this Advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

PAMBANSANG SEMINAR SA PAGTUTURO NG PANITIKANG
GENDER-BASED NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng *Pambansang Seminar sa Pagtuturo ng Panitikang Gender-Based* mula Enero hanggang Disyembre 2017.

Ang layunin ng Seminar ay ang mga sumusunod:

1. Matalakay ang iba't-ibang isyu hinggil sa pagtuturo ng panitikang Filipino na nakatuon sa kasarian at paglalarawan sa babae;
2. Mailahad ang iba't-ibang paraan upang higit na mapahusay ang pagtuturo ng mga guro sa panitikang *gender-based*; at
3. Maitaas ang antas ng kamalayang pagkasarian ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan.

Ang Seminar ay tatlong-araw na gawain na tatalakay sa iba't-ibang isyu at paksa hinggil sa panitikan at kasarian. Magkakaroon din ng pakitang-turo sa iba't-ibang anyo ng akdang pampanitikan.

Ang mga guro na nagtuturo ng Panitikang Filipino ay inaasahang dadalo sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan alin man sa mga sumusunod:

- Bb. Lourdes Z. Hinampas
  Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
  2/P, Gusaling Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel
  San Miguel, Maynila 1005
  Telepono: (02) 708-6972
  Mobile Phone: 0929-876-5856; 0927-988-6472; 0942-989-2458
  Email: jinghinampas@gmail.com

- Bb. Miriam P. Cabila
  Email: miriam.cabila@yahoo.com

mvec/Seminar sa Pagtuturo ng Panitikang Gender-Based ng KWF
0950–Disyembre 23, 2016